



**NDIS Quality
and Safeguards
Commission**

Sinubukan naming siguraduhin ang madaling paggamit (usability) at ang kakayahan sa paggamit (accessibility). Kung nakakaranas ka ng mga isyu sa kakayahan sa paggamit (accessibility issues), mangyaring makipag-ugnay sa engagement@ndiscommission.gov.au.



Isyu 1: Disyembre 2020

Isang newsletter para sa mga taong may kapansanan, iyong mga kaibigan, pamilya, tagapagtaguyod at ang komunidad.

Malugod na pagsalubong sa unang edisyon ng **SAFEGuard**, ang newsletter ng NDIS Quality and Safeguards Commission (NDIS Commission) para sa mga taong may kapansanan na tumatanggap ng mga suporta at serbisyo sa pamamagitan ng National Disability Insurance Scheme (NDIS).

Sumusulat kami sa iyo dahil narito kami para sa iyo. Ang mga newsletter na ito ay makakatulong na ipaliwanag kung ano ang ginagawa namin at ng mga iba pa upang matiyak na ang mga suporta at mga serbisyong inaasahan mo ay ligtas at may mabuting kalidad. Kung ang mga ito ay hindi, maaari kang magreklamo sa amin.

Alam namin na hindi lahat ng may kapansanan ay nais na makakuha ng impormasyon sa magkaparehong paraan. Ang mga newsletter na ito ay malapit nang makukuha sa Easy Read, Auslan at iba pang mga wika, at maglalaman ng mga mapagkukunan at impormasyon sa iba't ibang mga uri. Ang ilan ay para sa iyo, at ang iba ay para sa mga taong may iba't ibang mga pangangailangan.

Sana ay mapagpasiyahan mo na ang newsletter na ito ay kawili-wili at kapaki-pakinabang. Mangyaring sabihin sa amin ang iyong mga saloobin, kasama ang anumang mga mungkahi tungkol sa kung paano namin ito mapapabuti sa panghinaharap, at kung ano ang palagay mo sa pangalang **SAFEGuard**, sa pamamagitan ng pagpunan sa aming survey sa hulihan nitong newsletter.

Kung ikaw ay isang tagabigay ng NDIS (NDIS provider) o manggagawa na sumusuporta sa isang taong may kapansanan, o isang tagapagtaguyod, katiwala, kaibigan o miyembro ng pamilya ng isang taong may kapansanan, mangyaring ibahagi ang newsletter na ito sa kanila.

Ano ang Komisyon ng NDIS?

Ang NDIS Quality and Safeguards Commission (NDIS Commission) ay isang ahensya ng pamahalaan na nagtatrabahong mapabuti ang kalidad at kaligtasan ng mga suporta at serbisyo ng NDIS.

Nagsimula ang aming operasyon sa New South Wales at South Australia noong 1 Hulyo 2018. Paglipas ng isang taon, noong 1 Hulyo 2019, nagsimula kami sa Australian Capital Territory,

Queensland, ang Northern Territory, Tasmania at Victoria. Mula sa 1 Disyembre 2020, nasa Western Australia na rin kami, na nangangahulugan ay pinangangasiwaan na namin ang lahat ng mga tagabigay ng NDIS sa buong bansa.

Ibig sabin din nito na, kahit saan ka man nakatira sa Australya, kung sa tingin mo ay hindi ka ligtas o hindi nasisiyahan sa kalidad ng iyong mga suporta o serbisyo sa NDIS, maaari kang [magreklamo sa amin](#).

Sinusuportahan ka namin sa pamamagitan ng:

- pagtugon sa iyong mga alalahanin o reklamo
- pag-uutos sa mga tagabigay na panatilihin ang iyong mga karapatan na malaya mula sa pinsala
- pagtaguyod ng ligtas at de-kalidad na mga serbisyo
- pangangasiwa sa Code of Conduct at Practice Standards ng NDIS para sa mga tagabigay at manggagawa
- pag-uutos sa mga nakarehistrong tagabigay ng NDIS na pangasiwaan ang mga insidente na kinasasangkutan ng mga kalahok, at iulat ang mga insidente – kabilang ang pang-aabuso at kapabayaang – sa amin
- pangangasiwa at pangunguna sa pagsuporta sa gawi (behaviour)
- pagkilala ng mga paraan upang mapabuti ang merkado ng NDIS at mga serbisyo sa hinaharap.

Paggawa ng isang reklamo sa Komisyon ng NDIS

Kung sa tingin mo ay hindi ka ligtas o hindi nasisiyahan sa iyong mga pagsuporta o serbisyo ng NDIS, maaari kang [magreklamo sa amin](#).

Sa aming video na “[Understanding complaints](#)”, ipinapaliwanag ng Komisyonado ng mga Reklamo (Complaints Commissioner) kung paano namin kinukuha ang mga reklamo at kung anong mga pagkilos ang maaari nating gawin.

Mayroon kaming isang webpage na nagpapaliwanag [kung paano gumawa ng isang reklamo sa isang tagabigay](#). Inilalahad din nito ang mga uri ng reklamo na maaari mong iharap sa amin, at kung ano ang mangyayari pagkatapos mong gumawa ng isang reklamo.

Mayroon din kaming mga brochure na nagpapaliwanag sa pamamaraan ng mga reklamo:

- [Paano gumawa ng isang reklamo \(How to make a complaint\)](#)
- [Paano namin haharapin ang mga reklamo \(How we deal with complaints\)](#)

Pagbabago para sa mga nagbibigay ng pang-araw-araw na personal na suporta

Kung nakakatanggap ka ng pang-araw-araw na personal na suporta sa iyong tahanan mula sa iisang indibidwal na manggagawang tagasuporta, ang iyong tagabigay ng NDIS ay malapit nang makipag-ugnay sa iyo dahil binago namin ang mga kondisyon ng kanilang pagpaparehistro. Mula 19 Disyembre 2020, ang iyong tagabigay ay kailangang makipagtulungan sa iyo upang masuri kung mayroong anumang mga bagay na maaaring ilagay ka sa peligro kung ikaw ay gumagamit lamang ng nag-iisang manggagawa. Kailangan rin nilang gumawa ng isang kasunduan sa iyo kung paano nila

pangangasiwaan ang iyong manggagawang tagasuporta, at kung paano nila susuriin kung nasisiyahan ka sa mga suportang natatanggap mo.

Nagpadala kami ng isang [sulat](#) sa mga kalahok ng NDIS na nagpapaliwanag sa pagbabagong ito. Ang sulat ay nakukuha rin sa uring [Easy Read](#) at [Auslan](#), at sa [11 wika ng komunidad](#) sa aming website. Maaari kang mag-order ng isang kopya ng sulat sa Braille sa pamamagitan ng pag-email sa engagement@ndiscommission.gov.au kasama ang iyong pangalan at address.

Paketeng pagsalubong sa kalahok (Participant Welcome Pack)

Ang aming [Participant Welcome Pack](#) ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan, pagpili ng kalidad at ligtas na mga suporta, at kung paaano gumawa ng isang reklamo sa amin.

Ang pakete ay nakukuha rin sa aming website sa uring [Easy Read](#) at [Auslan](#). Maaari kang mag-order ng mga kopya ng pakete na Braille, pati na rin ang mga kopyang nakaprinta sa bersyong karaniwang (standard) at sa Easy Read sa aming [online order form](#).

Mga bagong mapagkukunan para sa mga kalahok na First Nations

Siguruhing lahat ng mga kalahok ng NDIS ay nauunawaan ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng NDIS ay susi sa kung ano ang ginagawa namin at kung sino kami. Sa pag-iisip na ito, gumagawa kami ng mga bagong materyales na partikular na idinisenyo para sa mga kalahok ng NDIS na First Nations.

Ang mga mapagkukunan ay binubuo kasama ang isang kumpanya ng komunikasyon na pagmamay-ari ng Aboriginal, na may konsultasyon kasama ang mga kalahok, manggagawa at tagapag-alagang Aboriginal at Torres Strait Islander. Ilalarawan nila ang tungkulin ng Komisyon ng NDIS at kung paano gumawa ng isang reklamo, at isasama ang mga icon at graphic na binuo ng isang Aboriginal na ilustrador.

Mga gabay sa Coronavirus (COVID-19)

Sa panahon ng pandemyang COVID-19, nagsumikap kami upang mabigyan ang mga tagabigay ng NDIS at mga manggagawa ng malinaw at kapaki-pakinabang na patnubay tungkol sa kung paano haharapin ang krisis habang sinusupportahan ka upang manatiling ligtas at maayos.

Nagsulat din kami ng mga fact sheet at isang information pack para sa mga kalahok ng NDIS na nagpapaliwanag sa ilan sa mga pagbabago na maaari mong makita, sa paraan ng paghahatid ng mga suporta at serbisyo sa panahon ng pandemya. Ang aming webpage na [COVID-19 information for people with disability](#) ay mayroong mga link sa mga ito at sa iba pang mga kapaki-pakinabang na mga mapagkukunan.

Mga mapagkukunan para sa mga taong may kapansanan sa pangkaisipan

Sa ilalim ng programang 'Support for NDIS providers', ang Council for Intellectual Disability ay nakatanggap ng isang kontribusyon upang magbuo at magharap ng mga mapagkukunan at mga

pagsasanay para sa mga taong may kapansanan sa pangkaisipan. Ito ang programang ‘Your Service, Your Rights’.

Ang mga Your Service, Your Rights conversation card ay nagkukwento tungkol sa mga taong nakakakuha ng mga serbisyo sa kapansanan. Ang pag-uusap tungkol sa mga kuwentong ito ay makakatulong sa iyo na malaman kung nakakakuha ka ng mabuti o masamang serbisyo.

Ang video ng Your Service, Your Rights ay isa pang paraan upang malaman ang tungkol sa iyong mga karapatan. Kasama rito ang mga taong nagbabahagi ng kanilang mga kuwento tungkol sa pagpapahayag.

Maaari mong basahin ang karagdagang detalye tungkol sa mga card at panoorin ang video sa [website ng CID](#). Ang programang Your Service, Your Rights ay magkakaroon rin ng mga mapagkukunan para sa mga nagbibigay ng serbisyo sa kapansanan na makukuha sa 2021. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnay kay rachel@cid.org.au

Konsultasyon: mga Alerto ng Provider Practice Health

May kontrata kami sa Australian Commission on Safety and Quality in Health Care (ACSQHC) upang makabuo ng tatlong Provider Practice Alerts.

Ang mga alertong ito ay magpapabatid sa mga tagabigay ng NDIS tungkol sa pag-iwas, pagkilala at pamamahala ng mga pangunahing panganib na nauugnay sa kalusugan ng mga kalahok sa NDIS. Ang mga alerto ay:

- Mga komprehensibong pagsusuri sa pangangalaga ng kalusugan
- Mga panganib sa kalusugan
- Pangangalaga sa kalusugan ng ngipin.

Sa unang bahagi ng 2021 hihingi kami ng mga puna mula sa mga kalahok sa mga plano ng tatlong alerto na ito. Kung nais mong makisali, mangyaring i-email ang Disability@safetyandquality.gov.au upang maabisuhan kung kailan makukuha ang mga ito. Maaari ka ring mag-sign up sa ACSQHC [e-news](#) upang aabisuhan tungkol sa mga ito at iba pang mga pagkonsulta.

Paano makipag-ugnay sa Komisyon ng NDIS

Maaari kang tumawag sa amin sa 1800 035 544. Ito ay isang librenge tawag mula sa mga landline. Ang aming contact centre ay bukas 9.00 ng umaga hanggang 5.00 ng hapon (9.00 ng umaga hanggang 4.30 ng hapon sa NT) Lunes hanggang Biyernes, hindi kasama ang mga pampublikong piyesta opisyal.

Bilang kahalili, puwede kang mag-email sa contactcentre@ndiscommission.gov.au

Mga paraan upang makagawa ng isang reklamo

Kung nais mong gumawa ng isang reklamo sa amin, maaari kang:

- **tumawag:** 1800 035 544 (librenge tawag mula sa mga landline) o TTY 133 677. Maaaring humiling ng Interpreter.
- **gamitin** ang [National Relay Service](#) at hilingin ang 1800 035 544.
- **kumpletuhin** ang isang online [complaint contact form](#).

Masubaybayan mo kami

LinkedIn: www.linkedin.com/company/ndiscommisson

Facebook: www.facebook.com/NDISCommission

Mag-subscribe sa newsletter na ito

Kung may nagpasa sa iyo ng email na ito, ngunit mas gugustuhin mong ipadala namin ito sa iyo ng direkta sa panghinanarap, maari kang mag-subscribe sa pamamagitan ng [pagpuno sa subscription form](#).

Sabihin sa amin kung ano ang palagay mo tungkol sa newsletter na ito

Sana ay mapagpasiyahan mo na ang newsletter na ito ay kawili-wili at kapaki-pakinabang. Mangyaring sabihin sa amin ang iyong mga saloobin, kasama ang anumang mga mungkahi tungkol sa kung paano namin ito mapapabuti sa panghinaharap sa pamamagitan ng [pagpuno sa aming survey](#). Kung mas gusto mong magpadala sa amin ng isang email, mangyaring sumulat sa engagement@ndiscommission.gov.au